Ayon: Apat na Tula

M.J. CAGUMBAY TUMAMAC

Muling kinikilala ng makata ang kaniyang kinalakhang rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalawig ng mga akda tungkol sa katimugang Mindanao. Isang natuklasan niya sa proseso: rehiyon itong punô ng danas ng dahas.

Si **M.J. Cagumbay Tumamac** ay isang manunulat at tagapagsulong ng pagbabasa mula sa katimugang Mindanao.

Kagaya ng flor de luna,

Ayon kay Andrea D. Lim sa tulang "像你父親的花園裡的月亮花"
at sa balitang "Lake Sebu police vow to get NPA suspects in store robbery"

marahil tinitingala ninyo ang langit
ng gabing iyon, ginagalugad ang sukal
ng kabundukan ng Lake Sebu (kung saan tiyak,
hindi maaaring isiwalat). Ang tiyak lamang,
gising ang mga kagaya ninyong nilalang
sa panahong himbing ang karamihan, nagkukubli
sa unang silahis pa lamang ng araw. Pagkabukang-
liwayway, natagpuan ang inyong katawan,
warak ang lamanloob,
wasak ang bungo,
watak-watak ang mga kamay at paa.
Tanghali nang kumalat
ang balita: mga rebelde, napatay sa engkuwentro
sa isang aswang. Kagaya ng flor de luna,
lason minsan ang inyong katauhan.

Bangsi

Ayon na rin kay Gerald Galindez
sa tulang "San Gerardo and the Exocoetidae"

Ayon sa mga siyentista, likas lamang ang pagkawala sa nakaambang paglamon ng mas malalaking nilalang. Sa pinakahuling talâ, lampas kalahating minuto ang pinakamatagal na nagawang paglipad.

Ayon sa mga mangingisda ng Maitum, Sarangani, kailangang masanay sa paghagilap gamit ang lamlam ng lampara at pagkatakas sa lambong ng lambat. Tatandaang mayroong lumalayo habang may lumalapit.

Ayon sa mga anak ng mga mangingisda, bunga ng buhay ang paglisan sa kinalakhan. Sila, patungong ibang bayan mula nang mamulat na kakambal ng pait ang alat ng dagat. Ang mga isda, sa himpapawid mula nang mamulat sa ugat ng pagkabughaw ng dagat.

Ayon sa mga asawang nasanay nang sinasalubong ng mga banyera at balde ang bukang-liwayway, hindi ipinagtataka ilan ang alin, bumabalik ang lahat sa pinagmulan, at hinahayaan lamang ang mga isdang pumusag-pusag hanggang matutong lumipad patungong mga ulap mula sa lupa.

Bagsakan ng Lungsod Cotabato

Ayon kina Hajar Kabalu sa tulang biswal
na "Minsan sa may Bagsakan"
at Paolo Concepcion sa tulang "One More Customer"

Isang hulagway ng bagsakan: mga isdang
kahuhuli lamang at pinalalangoy
sa mga banyera ng yelo upang manatili
ang pagkasariwa at malagot ang hininga.
Para kay Kabalu, bahagi ang dungis
sa mga sinampay sa bakod-bakuran,
ang mamàng nakaupo sa sulok ng dilim
habang nakatayo ang anino sa dingding,
ang eskinitang namihasa sa sariling kitid,
ang kuting na nagsasaanyong-lobo
ang anino. Di ipagtatakang isinalarawan
ni Concepcion bilang mga nais
na walang katuparan at mga salitang
kailangang bawiin at baliin
upang maipaalala ang mga panahong
walang ibinabagsak na mga isda.

Mandirigma

Ayon kay Genory Vanz Alfasain
sa maikling pelikulang Jamir

Kumakalam ang sikmura sa poot, madalas
dahil sa amang piniling maging mandirigma
ng bangsa kaysa lamnan ang iyong tiyan.
Humahapdi sa kalamnan ang mga sapak
dahil sa lamya. Pakamama ka! (Hindi nga
sapat ang iyong katauhan at katawan lamang
upang tingnang ganap na lalaki.) Pinipigil
ang luha sa mga gabing may sagupaan at wala
siya sa iyong tabi. Dahan-dahang lumalago
sa loob ang poot hanggang mahirap nang
mabunot at hanggang mamunga ng hindi
maipaliwanag na pagmamahal. (Pagkawala
ang isang ugat ng pangungulila.) Madalas
sa ama sa panahong nawawala at wala nang
balita tungkol sa kaniya at sa kahihinatnan
ng pang-ilan sa hindi mabilang na digmaan.
Kaya kapag nataong matatanong sa nais
sa paglaki, hindi ka na magdadalawang-isip
na sundan ang yapak ng mandirigmang ama.